



## Washington Youth Development Nonprofit Relief Fund Request for Proposal (RFP)

### Introduksyon

Nakikipagtulungan ang Kagawaran ng Komersiyong Estado ng Washington o Washington State Department of Commerce (Komersyo o Commerce) sa School's Out Washington (SOWA) para ipatupad ang **Washington Youth Development Nonprofit Relief Fund** (Pondong Pantulong o Relief Fund)

Maglalaan ang SOWA ng \$9.3 milyon na minsanang pamumuhunan sa buong estado para sa mga programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataang pinakanaapektuhan ng pandemyang COVID-19 at nagbibigay ng serbisyo sa mga kabataang pinakamalayo sa makatarungang edukasyon.

Dahil sa paglaganap ng COVID-19, mas matagal na pagsasara ng paaralan, at pagdistansya sa kapwa, mas lumalim ang di-pagkakapantay-pantay at paghihirap ng kabataan sa buong Washington. Mabilis na iniangkop ng mga programa/organisasyon sa pag-unlad ng kabataan ang kanilang mga serbisyo para makapagbigay ng tumutugong suporta sa kabataan at mga pamilyang may malalim ana kaugnayan sa kanila—kabilang ang pang-emergency na pangangalaga sa bata, virtual programming, at suporta sa mga pangunahing pangangailangan.

Tinutugunan ng Pondong Pantulong ang mga hamon sa pinansiyal at programang dulot ng COVID-19, at kinikilala na ang lugi kasama ng nadagdagang gastusin para sumunod sa mga hakbang para maging ligtas sa COVID-19, ang siyang dahilan kung bakit nanganganib na magsara ang mga programa o site ng organisasyon.

### Buod ng RFP

Maikli ang iskedyul mula sa paglalabas ng RFP na ito, hanggang sa pamamahagi ng mga gawad sa pagpopondo. Dapat isumite ang mga panukala sa pamamagitan ng online na aplikasyon, hanggang Oktubre 6, 2020. Pagkatapos isumite ang mga iyon, kailangang suriin ang mga panukala, igawad ang mga pondo, at kumpletuhin ang buong proseso hanggang Disyembre 15, 2020. (Nakasaad sa ibaba ang mas kumpletong timeline.)

Igagawad lamang ang Pondong Pantulong sa mga organisasyong nakabase sa, o nagsisilbi sa, kabataan sa Estado ng Washington.

Para sa pagpapalawig ng pagkakapantay-pantay at pag-uugnay sa priyoridad na kabataan at mga programa/organisasyong naapektuhan ng COVID, nagbibigay ang RFP na ito ng simple at may kaunting hadlang na online na aplikasyon.

Puwedeng mag-apply ang mga aplikante para sa kanilang buong organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan o para sa isang partikular na programa sa pagpapaunlad ng kabataan na kanlang pinapatakbo. Isang aplikasyon lang ang tatanggapin mula sa bawat organisasyon. Organisasyon lamang para sa pagpapaunlad ng kabataan ang tanging hindi sakop, na nagsisilbi rin bilang piskal na ahente para sa iba pang programa/organisasyon. Sa mga kasong iyon, maaaring magsumite ng aplikasyon ang bawat isa.

Kuwalipikadong mag-apply para sa Pondong Pantulong ang mga programa/organisasyong nakatanggap ng iba pang pondong pantulong kaugnay ng COVID-19 mula sa mga pampubliko o pribadong mapagkukunan.

Hinihiling sa aplikasyon ang maiikling paglalarawan ng mga programa/organisasyon; demograpiko ng mga kalahok na kabataan; beripikasyon ng pagiging karapat-dapat ng programa/organisasyon; maikling salaysay at mga dropdown na tugon para sa tatlong priyoridad na larangan; at buod ng impormasyon sa badyet. Walang hinihiling na form ng badyet.

Hihilingin sa mga tagatugon na lagyan ng tsek ang mga kahon sa aplikasyon para maberipika ang pagiging karapat-dapat batay sa mga pamantayang ito:

- 501 (c)(3) Organisasyong hindi pangnegosyo o piskal na itinataguyod ng isang 501 (c)(3)
- Programa/organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo sa pagpapaunlad ng kabataan sa mga bata at kabataang edad 5-24 bago magkaroon ng COVID-19
- Mga kamakailan o naplanong serbisyo na ibibigay sa kabataan sa pamamagitan ng suportang personal, virtual, o suporta sa direktang pangangailangan sa pagitan ng Marso at Disyembre 2020
- Negatibong piskal na epekto sa programa/organisasyon, bilang resulta ng COVID-19

Hihilingin sa mga tagatugon na nakatugon sa pamantayan ng pagiging karapat-dapat ang maikling salaysay at mga dropdown na tugon para sa tatlong priyoridad na larangan na tinutugunan ang sumusunod, gayundin ang buod ng impormasyon sa kita at gastos sa 2019 at (inaasahan) sa 2020:

1. Kabataang nabigyan ng serbisyo sa mga priyoridad na populasyong pinakamalayo sa makatarungang edukasyon
2. Mga kawani at pamunuan ng mga programa/organisasyon
3. Epekto ng pandemyang COVID-19

## **Teknikal na Tulong**

Isasalin ang RFP sa mga wikang Amharic, Arabic, Chinese Mandarin, Korean, Marshallese, Russian, Samoan, Somali, Spanish, Tagalog, Tongan, Ukrainian at Vietnamese. Available ang impormasyon tungkol sa pag-access sa mga naisaling RFP [dito](#). Dapat na isumite sa wikang Ingles ang mga online na aplikasyon.

Nakipagkontrata ang Komersyo sa iba't ibang tagapagbigay ng teknikal na tulong para mag-alok ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa pagpopondo, kabilang ang pag-unawa sa mga kinakailangan sa RFP at pagbibigay ng suporta sa pagsusulat ng igagawad na pondo. Magiging available ang teknikal na tulong sa wikang Ingles at marami pang ibang wika, na inilaan ng mga organisasyon sa buong estado. Dapat na direktang makipag-ugnayan ang mga aplikante sa mga tagapagbigay ng teknikal na tulong para makahiling ng suporta. Nasa [webpage ng Pondong Pantulong ng SOWA](#) ang isang kompletong listahan, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan at mga suporta sa wika..

Idaraos sa mga pagpupulong sa Zoom ang mga sesyon ng impormasyon para sagutin ang mga tanong tungkol sa RFP, 4:00 sa Setyembre 24, 2020 at 6:30 sa Setyembre 29, 2020. Tingnan ang [webpage ng Pondong Pantulong ng SOWA](#) para sa karagdagang impormasyon at para makapagpatala.

Magiging available ang FAQ tungkol sa RFP sa [webpage ng Pondong Pantulong ng SOWA](#). Ipo-post ang lahat ng bagong tanong na matatanggap sa mga sesyon ng impormasyon o sa pamamagitan ng pag-email sa [youthdevrelief@schoolsoutwashington.org](mailto:youthdevrelief@schoolsoutwashington.org). Ibibigay ang mga update sa FAQ nang di-kukulangin sa tatlong beses sa loob ng dalawang linggo na bukas ang RFP. Kabilang ang karagdagang impormasyon sa Timeline ng RFP sa ibaba.

## **Proseso sa Pagsusuri ng Panukala**

Itinataguyod ng SOWA ang malawak na outreach sa buong estado para maiugnay ang halos 150 tagasuri ng panukala, na nakatuon sa pagkalap ng matibay na representasyon sa rehiyon at BIPOC (Black, Indigenous, People of Color). Magtutulongan ang maliliit na grupo ng mga tagasuri, na may mahahalagang katuwang na nagsisilbi bilang mga pangunahing tagasuri. Susuriin ng mga grupo ng tagasuri ang mga panukala mula sa loob ng kanilang sariling rehiyon. Ibabahagi sa mga grupo sa lahat ng rehiyon ang mga katuwang na nagboluntaryong mga tagasuri sa buong rehiyon.

Hihilingin sa lahat ng tagasuri na ilantad ang mga salungatan ng interes. Titiyakin ng mga nakatalagang grupo sa pagsusuri na walang tagasuri ang magsusuri ng mga panukalang nagmula sa mga programa/organisasyon kung saan sila nagsisilbi bilang miyembro ng kawani, miyembro ng lupon, o tagapayo. Lalahok ang mga tagasuri sa pagsasanay laban sa pagkiling, bago nila simulan ang kanilang mga pagsusuri sa panukala. Gagamit ng parehong pamantayan sa pagmamarka ang lahat ng tagasuri sa buong estado.


Gagabayan ng School's Out Washington ang proseso ng pagsusuri, kabilang ang pagtulong sa mga pangunahing tagasuri, kung kinakailangan, sa pangangasiwa ng mga grupo sa pagsusuri. Kapag nakumpleto na ng mga grupo sa pagsusuri ang masinsinang proseso ng pagsusuri at pagmamarka, susuriin ng SOWA ang pagmamarkang lahat ng grupo.

## **Heograpikal na Pamamahagi ng mga Grupo sa Pagsusuri at Paggagawad ng Pondo**

Binabalangkas ng mapa sa ibaba ang anim na rehiyon sa buong estado, na nakaayos sa anim na administratibong rehiyon ng Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya (Department of Children, Youth and Families o DCYF) ng Washington. Gagamitin ng SOWA ang mga rehiyon ng DCYF para heograpikal na mahati ang estado kapag nagtatalaga ng mga grupo sa pagsusuri sa panukala at pagtukoy sa mga gagawaran ng pondo.

Itataguyod ang mga layunin para sa pamamahagi ng pagpopondo sa buong estado sa pamamagitan ng dalawang pangunahing punto ng datos na partikular sa mga rehiyong ito: kabataang edad 18 o wala pa na namumuhay sa kahirapan; at kabataang BIPOC, edad 18 o wala pa. Sa mapa sa ibaba, nabatay ang porsyento ng alokasyon sa porsyento ng kabataan sa Washington na edad 18 o wala pa at nabumuhay sa kahirapan at sa porsyento ng kabataang BIPOC sa Washington na edad 18 o wala pa na nakatira sa loob ng bawat rehiyon. Tinimbang nang pantay-pantay ang mga datos na ito sa pagtukoy ng mga

layuning ito para sa pamamahagi ng mga pondo kada rehiyon. Bagaman ang mga ito ay mga layunin para sa heograpikal na pamamahagi, ang pagkamit sa mga ito ay nakasalalay sa bilang ng mga kuwalipikado at lubhang pinahalagahang panukala na natanggap para sa bawat rehiyon.



### Pamantayan sa Pagsusuri ng Panukala

Ibibigay ng tatlong priyoridad na larangan na larangan ng aplikasyon (tinalakay sa itaas sa Buod ng Panukala) ang estruktura para sa pagsusuri ng panukala.

Gamit ang pamantayan sa pagmamarka, susuriin ng mga tagasuri kung paano, at kung hanggang saan, ang mga programa/organisasyon ay:

- |   |  |
|---|--|
| <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Nauugnay sa mga priyoridad na populasyon ng kabataan, na pinakamalayo sa nakatarungang edukasyon</li> <li>2. Pagsasalamin ng mga priyoridad na populasyong iyon sa mga kawani at pamunuan ng kanilang mga programa/organisasyon</li> <li>3. Pagdanas ng epekto ng COVID-19 sa pananalapi at programa</li> </ol> | <p>50% ng kabuuang marka</p> <p>20% ng kabuuang iskor</p> <p>30% ng kabuuang iskor</p> |
|---|--|

Pagkatapos kumpletuhin ng mga tagasuri ang mga pagsusuri ng panukala at isumite ang mga pinal na pamantayan sa pagmamarka, susuriin ng SOWA ang mga pagmamarka ng lahat ng grupo.

Bukod sa mga rekomendasyon ng mga grupo sa pagsusuri, isasaalang-alang din ng SOWA ang mahalagang representasyon sa mga prioridad na populasyon sa buong estado, at ang heograpikal na pamamahagi, kapag nagrerekomenda ng pinal na paggagawad ng pondo at pinal na laki ng igagawad sa Komersyo.

## Mga Paggagawad ng Pondo

Igagawad ang mga pondo sa mga programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan sa lahat ng lugar sa estado, na nakatuon ang pansin sa mga nagbibigay ng serbisyo sa mga populasyon ng kabataang pinakanaapektuhan ng COVID-19 at pinakamalayo sa makatarungang edukasyon.

Ang mga halaga ng gawad ay mula \$10,000 to \$50,000. Walang igagawad na mas mababa sa \$10,000 at walang igagawad na mas mataas sa \$50,000.

Ibabatay ang pagdedesisyon sa laki ng igagawad para sa bawat pagbibigyan sa porsyento ng nagastos ng pagbibigyan ng gawad noong 2019. Itataguyod sa proseso ng pagsusuri ang mga porsyento na magiging batayan ng laki ng gawad, batay sa pinansiyal na impormasyong kasama sa mga panukala, at sa bilang ng mga natanggap na panukala. Bibigyan ang mas maliliit na programa/organisasyon ng gawad na may halagang katumbas ng mas malaking porsyento ng kanilang kabuuang ginastos noong 2019 kaysa mas malalaking programa/organisasyon.

Ang mga programa/organisasyong nakatanggap ng gawad mula sa Pondong Pantulong ay ituturing na mga benepisyaryo ng gawad. Pagkatapos matanggap ang gawad, hihilingin sa mga benepisyaryo na kumpletuhin nila ang mga form para pangasiwaan ang paglilipat ng mga pondo, beripikahin ang pagtanggap ng mga pondo, kumpletuhin ang mga profile ng organisasyon sa [Elevate Washington](#).

Ang mga gawad na ibibigay ay magiging pondo na walang paghihigpit. Walang kakailanganing pag-uulat. Hindi hihilingin sa mga benepisyaryo ng gawad na magsumite ng anumang dokumentasyon sa kung paano o kailan nila ginastos ang kanilang mga gawad.

## Timeline

Setyembre 22, 2020	Inilabas ang RFP
Setyembre 23, 2020	Isumite ang mga tanong sa FAQ hanggang tanghali, ipo-post ang mga sagot hanggang tanghali ng 9/24/20.
Setyembre 24, 2020	Ia-update ang FAQ hanggang tanghali. Sesyon ng impormasyon sa RFP ng 4:00. Kung interesado, <a href="#">magpatala rito</a> .
Setyembre 28, 2020	Isumite ang mga tanong sa FAQ hanggang tanghali, ipo-post ang mga sagot hanggang tanghali ng 9/29/20.
Setyembre 29, 2020	Ia-update ang FAQ hanggang tanghali. Sesyon ng impormasyon sa RFP ng 6:30. Kung interesado, <a href="#">magpatala rito</a> .

Oktubre 1, 2020	Isumite ang mga tanong sa FAQ hanggang tanghali, ipo-post ang mga sagot hanggang tanghali ng 10/2/20.
Oktubre 2, 2020	Ia-update ang FAQ hanggang tanghali.
Oktubre 6, 2020	Dapat na isumite ang RFP

## Mga Tanong sa Panukala

Nakalista sa ibaba ang mga tanong at impormasyong kinakailangan para makumpleto ang aplikasyon para sa mga gawad sa pamamagitan ng Pongong Pantulong. Dapat na isumite ang tugon ng iyong programa/organisasyon sa aplikasyon online sa <https://youthdevrelief.schoolsoutwashington.org/>. Tiyakin na matutugunan mo ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat na nakabalangkas sa RFP bago simulan ang aplikasyon.

Kapag sinimulan mo na ang online na aplikasyon, hindi mo masi-save ang iyong ginawa kapag umalis ka. Dapat mong kumpletuhin ang aplikasyon sa isang upuan. Inirerekomenda na lubusan mo munang suriin at sagutin ang mga tanong sa template na naka-link sa simula ng online na aplikasyon, at pagkatapos nito ay kopyahin ang mga sagot mo sa form ng online na aplikasyong isusumite.

Bumisita sa [webpage ng Pongong Pantulong ng SOWA](#) para sa listahan ng mga tagapagbigay ng teknikal na tulong na makakapag-alok ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa pagpopondo, kabilang ang pag-unawa sa mga kinakailangan sa RFP at pagbibigay ng suporta sa pagsusulat ng gawad. Makukuha ang teknikal na tulong sa wikang Ingles at marami pang ibang wika, na inilaan ng mga organisasyon sa buong estado.

Dapat na isumite sa wikang Ingles ang mga online na aplikasyon.

## Impormasyon sa Programa/Organisasyon

- Nag-aaplay ako para sa:
  - Isang organisasyon
  - Isang programa
- Ang aming organisasyon ay piskal na itinataguyod ng organisasyong hindi pang-negosyo:
  - Oo
  - Hindi

\*Kung oo, hihilingan kang mag-upload ng liham na may lagda mula sa organisasyong nagtataguyod na nagkukumpirma sa kaugnayan ng piskal na isponsor sa dulo ng aplikasyong ito.
- Piliin ang lahat ng bansang pinagsisilbihan ng organisasyon o programang pokus ng aplikasyong ito:
- Legal na Pangalan ng Organisasyon:
- Pangalan ng piskal na nag-iisponsor na organisasyon, kung naaangkop:

- Employer Identification Number (EIN):  
Tandaan: kung may piskal na isponsor ang programa/organisasyon, pakilagay ang EIN ng piskal na isponsor
- Unified Business Identifier (UBI) Number:
- Pangunahing Pisikal na Address
  - Linya ng Address 1
  - Linya ng Address 2
  - Bayan/Lungsod
  - Zip Code
  - Estado
  - County
- Paglalarawan: magbigay ng maikling paglalarawan sa inyong organisasyon (misyong, pananaw, mga serbisyo, pokus) limitado sa 750 karakter.
- Pangalan ng site: Tukuyin (opsyon para piliin ang katulad ng sa organisasyon)  
Tandaan: Kung nag-aapply ka para sa iba't ibang site, isama rito ang pangalan at address ng isa lang sa mga site na iyon.
- Address ng site: (opsyon para piliin ang katulad ng sa organisasyon)
  - Linya ng Address 1
  - Linya ng Address 2
  - Bayan/Lungsod
  - Zip Code
  - Estado
  - County
- Pangalan ng Programa: (opsyon para piliin ang katulad ng sa organisasyon)  
Tandaan: Kung nag-aapply ka para sa iba't ibang programa, isama rito ang pangalan at paglalarawan ng isa lang sa mga programang iyon.
- Paglalarawan: magbigay ng maikling paglalarawan sa programang ito (para kanino ito, pokus ng programa) limitado sa 750 karakter.
- Isasama sa sanggunian ng pampublikong programa sa kabataan sa Elevate Wahington ang nakaulat dito na organisasyon ng aplikante at mga pangalan at lokasyon ng mga site at programa. Kung kumpidensiyal ang site, mangyaring mag-check dito para hilingin na hindi ito lumabas sa direktoryo ng programa.

### **Impormasyon sa Pagiging Karapat-dapat**

Lagyan ng tsek ang lahat ng angkop na kahon:

- 501 (c)(3) Organisasyong hindi pangnegosyo o piskal na itinataguyod ng isang 501 (c)(3)

- Nagbibigay ang aking programa/organisasyon ng mga serbisyo sa pagpapaunlad ng kabataan sa mga bata at kabataang edad 5-24 bago magkaroon ng COVID-19.
- Sa pagitan ng Marso at Disyembre 2020, nagbigay at/o nagplanong magbigay ang aking programa/organisasyon ng mga serbisyo sa kabataan sa pamamagitan ng suportang personal, virtual, o suporta sa direktang pangangailangan.
- Dumanas ang aking programa/organisasyon ng negatibong epektong piskal dahil sa COVID-19.

Ibinibigay ng aking programa/organisasyon ang sumusunod na mga serbisyo bago magkaroon ng COVID-19:

- pinalawig na mga programa sa pag-aaral gaya ng mga programa pagkatapos ng klase at programa tuwing tag-init
- pagpapayo
- wrap around na mga serbisyonag-uugnay sa kabataang may sosyal/emosyonal na suliranin at mga suportang hindi pang-akademiko na kasama sa loob ng setting ng paaralan

Nagbibigay ang aking programa/organisasyon ng mga serbisyo para sa pagpapaunlad ng kabataan bago magkaroon ng COVID-19 sa mga bata at kabataan na ang edad ay:

- 5-12
- 13-18
- 19-24

### **Impormasyon Kaugnay ng mga Priyoridad na Populasyon at Epekto ng COVID-19**

Tiyakin na angkop lamang ang iyong mga sagot sa tanong sa ibaba sa programa sa pagpapaunlad ng kabataan o sa organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan na hinahanapan mo ng pondo. Halimbawa, kung nag-aapply ka para sa programa sa pagpapaunlad ng kabataan na tumatakbo sa loob ng mas malaki, maramihang serbisyonag organisasyon, ang mga sagot sa mga tanong na ito ay dapat na angkop lamang sa programa ng pagpapaunlad ng kabataan.

1. **Kabataang nabigyan ng serbisyo sa mga priyoridad na populasyon.** Gagawing priyoridad ng mga pamumuhunan ng Pongong Pantulong ang mga kabataang pinakamalayo sa makatarungang.
  - a. Tingnan ang mga priyoridad na populasyon ng kabataan kung saan nakatuon ang iyong programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan:
    - Mahihirap na kabataan, ayon sa sukatan ng pagiging karapat-dapat para sa libre o may diskuwentong tanghalian
    - Kabataang BIPOC
    - Kabataang migrante
    - Kabataang refugee at/o imigrante
    - Mga nag-aaral ng wikang Ingles
    - Kabataang nakakaranas ng kawalan ng tirahan
    - Kabataang nasa bahay-ampunan
    - Kabataang LGBTQ
    - Kabataang nasangkot sa sistema ng hustisya sa krimen
    - Kabataang may kapansanan, kabilang ang kapansanan sa pisikal, pag-unlad, at/o kapansanang intelektuwal; o may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan



- Hindi nakatuon ang aking programa/organisasyon sa anumang nabanggit na priyoridad na populasyon ng kabataan.
- b. Kung nagbibigay ng serbisyo sa kabataang BIPOC ang iyong programa, tingnan kung alin sa mga populasyon ng kabataang BIPOC ang kaugnay ng iyong programa:
  - American Indian/Alaska Native
  - Asian/Asian-American
  - Black/African-American
  - Hispanic o Latino/a/x Descent
  - Middle Eastern or North African
  - Multiracial
  - Native Hawaiian/Pacific Islander
- c. Magbigay ng pagtataya sa porsyento ng kabataan na karaniwang binibigyan ng serbisyo ng inyong programa/organisasyon na kasama sa loob ng isa o higit pa sa mga priyoridad na populasyon ng kabataang binanggit mo: \_\_\_\_\_
- d. Interesado kaming malaman ang tungkol sa kabataang kasali sa inyong programa/organisasyon. Ilarawan kung paano kinakatawan ang mga kabataan sa inyong programa/organisasyon sa loob ng isa o higit pang priyoridad na populasyong binanggit mo. Kung nagbago ang inyong populasyon ng kabataan dahil sa COVID 19, mabilis na ipaliwanag kung bakit. Limitahan ang iyong sagot sa 2,600 karakter. Katumbas ng 50% ng kabuuang marka ang sagot sa tanong na ito.

**2. Kawani at Pamunuan ng mga Programa/Organisasyon.** Gagawing priyoridad ng mga pamumuhunan ng Pondong Pantulong ang mga programa/organisasyong may mga kawani o pamunuang sinasalamin ang kanilang priyoridad na mga populasyon ng kabataan.

- a. Talakayin kung paano sinasalamin ng inyong mga kawani, pamunuan, at lupon ng mga direktor at mga nagboluntaryo ang inyong mga priyoridad na kabataang kalahok. Limitahan ang iyong sagot sa 2,200 karakter. Katumbas ng 20% ng kabuuang marka ang sagot sa tanong na ito.

**3. Epekto ng Pandemyang COVID-19.** Layunin ng Pondong Pantulong na maibsan ang ilang epekto ng pandemyang COVID-19 sa mga programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan sa buong Washington.

- a. Magbigay ng buod ng pinansiyal na impormasyon para 2019 at (inaasahan sa) 2020:
  - kita ng programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan sa taong 2019:  
\$ \_\_\_\_\_
  - gastusin ng programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan sa taong 2019:  
\$ \_\_\_\_\_
  - (Inaasahang) kita ng programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan sa taong 2020:  
\$ \_\_\_\_\_

- (Inaasahang) gastusin ng programa/organisasyon sa pagpapaunlad ng kabataan sa taong 2020: \$\_\_\_\_\_
- b. Talakayin kung paano naapektuhan sa pinansiyal na aspekto ang inyong programa/organisasyon dahil sa COVID-19. Ano ang naging implikasyon sa mga serbisyong ibinigay ninyo? Paano naapektuhan ng COVID-19 ang inyong kita? Paano naapektuhan ng COVID-19 ang inyong mga gastusin? Ilista ang iba pang pampubliko o pribadong pantulong na pagpopondo kaugnay ng COVID-19 na natanggap ng inyong programa/organisasyon, kabilang ang pagpopondo sa Payroll Protection Program. Limitahan ang iyong sagot sa 2,200 karakter. Katumbas ng 30% ng kabuuang iskor ang sagot sa tanong na ito.

### **Mga Sertipikasyon:**

Pangalan ng indibidwal na kumukumpleto sa form na ito:

Email address:

Numero ng telepono:

Kailangang magsumite ng nakumpleto at may lagdang W-9 ang mga aplikanteng mabibigyan ng gawad. Elektronikong isasagawa ang mga pagbabayad ng gawad sa pamamagitan ng Automated Clearing House (ACH). Magpapadala ang School's Out Washington sa mga mabibigyan ng gawad ng form ng awtorisasyon ng ACH at form ng W-9 sa pamamagitan ng DocuSign. Kailangang ibalik ang mga dokumentong ito sa loob ng pitong araw pagkatapos itong matanggap. Tukuyin kung kanino ipapadala ang form ng ACH at kahilingan sa W-9.

Pangalan:

Email Address:

Kung mabibigyan ng gawad, sa loob ng 6 na taon kasunod ng petsa ng pagbibigay ng gawad, sumasang-ayon ang aplikante sa pagbibigay ng access sa School's Out Washington sa Form 990 nito sa lahat ng makatuwirang panahon para makumpirma ang pinansiyal na impormasyong inilahad sa aplikasyong ito.

"Pinatutunayan kong awtorisado akong isumite ang aplikasyong ito sa ngalan ng aplikanteng organisasyon."

"Pinatutunayan ko, sa pamamagitan ng paglagda sa aplikasyong ito, na wala sa aplikanteng organisasyon ni sa mga namumuno rito ang kasalukuyang hinahadlangan, suspendido, ipinanukulang hadlangan, idineklarang hindi karapat-dapat, o boluntaryong hindi sumali sa transaksyong ito, ng anumang Pederal na kagawaran o ahensiya."

"Pinatutunayan kong tunay at tumpak sa lahat ng materyales na bagay ang impormasyong ibinigay sa aplikasyong ito at ang impormasyong ibinigay sa pansuportang dokumento at form. Nauunawaan ko rin na anumang kasinungalingan o sinasadyang hindi pagbabanggit sa aplikasyong ito ay maaaring magpasailalim sa akin sa pagbabalik ng mga pondo o iba pang legal na aksyon para sa mapanlinlang na pagkatawan."

**Suportado ng isang kloob na pondong iginawad ng Kagawaran ng Yaman ng Estados Unidos (US Department of the Treasury) ang proyektong ito. Sa may-akda ang mga pananaw sa dokumentong ito at hindi kailangang kumakatawan sa opisyal na pananaw o mga patakaran ng Kagawaran ng Yaman ng Estados Unidos (US Department of the Treasury). Pinapamahalaan ang mga pondong ito ng Programang Pantulong sa Katatagan ng Maliliit na Negosyo (Small Business Resiliency Assistance Program), ng Kagawaran ng Komersyo ng Estado ng Washington (Washington State Department of Commerce).**